Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay

Hulyo 31, 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 307 s. 2024**

**Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024 ( Agosto 1-31)**

PARA SA: Katulong na Tagapamanihala ng Sangay
Mga Hepe ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagapamahalang Pampurok
Mga Tagamapamahala ng Paaralang Elementarya at Sekondarya
Mga Guro,mga kawani at iba pang kinauukulan
sa Sangay na ito

1. Bilang pagpapahalaga sa pagdiriwang ng ating pambansang wika na ipinagdiriwang bawat taon ay ipinababatid ng tanggapang ito na ang temang ipinalabas ng Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng ating pamahalaan para sa pagdiriwang sa taong ito ay: **"Filipino, Wikang Mapagpalaya"**.;

2. Naririto ang mga tema sa bawat linggo na maging batayan para sa mga gawain ng pampubliko at pribadong tanggapan sa ilalim ng Kagawaran

| LINGGUHANG PAKSA |
|---|
| FSL tungo sa Ingklusibong Pambansang Kaunlaran |
| Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |
| Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research |
| Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| Paglaban sa Misinformation (fact checking) |

3. Inaasahan din ang pagpapahalaga sa batas Republika 11106 o Filipino Sign language Act , makaagham na pananaliksik, at paggamit ng indigenous na kaalaman at kasanayan, pagpapahalaga sa mga katutubong wika at paglaban sa maling pagpapalaganap ng mga impormasyon.

4. Ang Tanggapang ito ay manguna sa pagsagawa mga patimpalak na isasagawa sa lugar at oras na ipapabatid pa batay sa kasunod na talahanayan.

| **Patimpalak** | **Bilang ng Kalahok** |
|---|---|
| I-ispel Mo | 1 kalahok bawat Paaralan-Grade 4 |
| Pagsulat ng Talumpati | 1 kalahok bawat paaralan-Grade 10 |
| Pagsulat ng Kuwentong Pambata | 1 kalahok bawat paaralan-Kategorya Para sa mga guro sa Elementarya |
| Pagsulat ng Kuwentong Pambata | Non-teaching School-based at DO Based |

5. Tatanggap ng sertipiko ng pagkilala ang mga mapipiling limang nangungunang kalahok sa bawat kategorya.

6. Maaari ring magbalangkas ang bawat Distrito ng programa tulad ng talakayan ukol sa paksa o sa ortograpiyang Filipino bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa taong ito.

7. Sa pagsasagawa ng mga Gawain ay inaasahan ang pagtalima ng DO No9 s 2005, DO 003 s 2023 at DO 66 s. 2017

8. Ang mga gastusin para sa programa, mga gawain, pagpaskil ng streamer, poster o tarp papel ay maaaring i-*charge* sa MOOE/o Pondong Lokal na naaayon sa tamang panuntunan ng pagtutuos at pag-aawdit ng mga ito.

9. Inaasahan ang malawakan at agarang pagpapalaganap ng memorandum na ito at pagpapasa ng ulat sa pakikisa ng pagdiriwang ayon sa kalakip na template attention EPS sa Filipino.

**DANNY B. CORDOVA, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

CID-Fil____

Department of Education
Division of Dapitan City
RELEASED
NO 307 DATE AUG 01 2024
TIME 11:40 BY

Ulat sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024

| Petsa | Gawain | Remarks |
|---|---|---|
| Agosto 1-9, 2024 | | |
| Agosto 12-16, 2024 | | |
| Agosto 19-23, 2024 | | |
| Agosto 27-30, 2024 | | |

Note: Maglakip ng dalawang larawan

Inihanda ni: ______________________ Tagapag-ugnay sa Filipino

Ipinasa ni: ______________________ Namamahala ng Paaralan

Ipinasa kay:

LINDO O. ADASA JR.
Tagamasid Pansangay-Filipino

Nabatid ni:

VICENTE JOSE V. SUAREZ II
Hepe-Dibisyon ng Implementasyon ng Kurikulum

Sinang-ayunan:

DANNY B. CORDOVA, CESO VI
Tagapamanihala ng Sangay

Republic of the Philippines
# Department of Education

JUL 3 1 2024

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 038, s. 2024

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Sa mga: Ikalawang Kalihim
Kawaksing Kalihim
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Pára sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA"** na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bilang ahensaya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Makikita sa kalakip ng memorandum na ito ang mga suhestiyong gawain na hinati-hati sa limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| **Agosto 1–3** | *Filipino Sign Language* (FSL) tungo sa Ingklúsibo sa Pambansang Kaunlaran |
| **Agosto 5–10** | Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |

| | |
|---|---|
| **Agosto 12–17** | Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* |
| **Agosto 19–23** | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| **Agosto 26–31** | Paglaban sa *Misinformation (fact checking)* |

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd *Order* (DO) *No.* 9, s. 2005 *(Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 *(Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activties)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity*.

6. Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at *Networking* (SIP) sa telepono blg. 09920417625 o kwf.pressrelease@kwf.gov.ph. Maaari ring magpadala ng liham sa Kagawaran ng Edukasyon, Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto sa *email* na bld.od@deped.gov.ph kung may katanungan o paglilinaw

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023
DepEd Order (Nos. 66, s. 2017 at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BASIC EDUCATION
BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
PROGRAMS
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MSCM/APA, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2024
0187 May 31, 2024